

PAG-UNLAD NG WIKANG FILIPINO SA SAKOP NG OCCUPATIONAL THERAPY

CAROLINE FISCHL

The purpose of this essay is to describe the term occupation, the basic and most important concept in occupational therapy (OT), and to urge the translation of OT concepts in Filipino. OT is a branch of rehabilitation that deals with the improvement or maintenance of a person's skills to perform daily activities. The profession started in the Philippines more than 40 years ago, and the medium of its instruction is English. Until now, there is no official register of OT terminology in Filipino, which may have resulted in a mixing of the two languages when communicating with clients. This may have led to the misunderstanding of the client on the role of OT in improving quality of life, and to the difficulty of the therapist to encourage clients to take active part in their own therapy. To facilitate service delivery, the therapist should be able to communicate in a language which is used and understood by the Filipino client. A register of OT terms in Filipino and its dissemination among therapists in practice and academe is the proposed solution.

Ang *occupational therapy* (OT) ay isang sangay ng rehabilitasyon na nakatutok sa pagpapabuti at pagpapanatili ng kakayahan ng tao sa paggawa ng mga pang-araw-araw na gawain. Nagsimula ang OT sa Pilipinas higit sa 40 taon nang nakalipas (Bondoc, 2005), at ang batayan ng aral tungkol dito ay nasa wikang Ingles. Subalit hanggang ngayon ay wala pang natatag na opisyal na talaan ng terminolohiyang OT sa wikang Filipino. Dahil dito, naging karaniwan ang paghahalo ng wikang Filipino at Ingles sa **pagpapaliwanag ng mga konsepto sa, kasama na ang pakay ng OT sa mga Pilipinong may kapansanan at ibang nangangailangan ng nasabing terapi**. Ito ay maaaring magdulot ng di-pagkakaunawa ng kliyente ukol sa layon ng OT – kung paano makatutulong ito sa pagpapabuti ng kalidad ng kanilang buhay – at ng kahirapan ng terapist sa pag-uudyok ng kliyente na makilahok sa pagsusuri at terapi. Samakaturwid, kinakailangang isalin sa wikang Filipino ang iba't ibang konsepto sa OT upang magkaroon ng pagkakaintindihan sa pagpapaliwanag ng mga ito.

Ipinahiwatig ni David (2004) na ang wikang katutubo ay nagagamit lamang kaugnay ng maliliit at walang halagang bagay, at ang wikang dayuhan ang nakakasanayang gamitin sa mas mataas na uri ng talastasan. Ngunit hindi ba ang mga pang-araw-araw ng gawain ay nasasailalim sa mga maliliit at pangkaraniwang bagay? Ang layon nitong sanaysay ay maipaliwanag sa wikang Filipino ang katawagang *occupation*, ang payak ngunit pinakamahalagang konsepto sa OT, at mag-uudyok na isalin ng mga konsepto sa OT sa wikang Filipino.

Ang pakay ng OT ay ang pagtataguyod ng kalusugan at mabuting kalagayan sa pamamagitan ng *occupation* (Hagedorn, 2001; World Federation of Occupational Therapists, 2004). Ayon kina Law, Polatajko, Baptiste at Townsend (1997, p. 34), ang *occupation* ay mga gawaing pang-araw-araw na binigyang pangalan, halaga at kahulugan ng tao o kultura. Ito ay lahat nang ginagawa ng tao, tulad ng pag-alaga ng kanilang sarili, pagtamasa ng kanilang buhay, pakikisalamuha at pag-ambag sa pangkabuhayan ng kanilang lipunan. Kasama na rito ang mga pang-araw-araw na gawain (*activities of daily living*) o pangangalaga sa sarili (*self-care*), gawaing masalimuot (*instrumental activities of daily living*), pag-aaral (*education*), paghahanapbuhay (*work*), paglalaro (*play*), gawain sa mga sandaling malaya (*leisure*), at gawaing kaugnay ang ibang tao (*social participation*) (American Occupational Therapy Association [AOTA], 2002). Sa madaling salita, ang *occupation* ay anumang gawaing may kabuluhan para sa gumagawa.

Ang isang gawain ay may sari-saring kahulugan sa iba't ibang tao. Ang kahulugan ng pagkain ay maaaring bilang pampawi ng gutom o di kaya'y bilang paraan upang magsama-sama ang mag-anak o mga kaibigan. Ang isa pang halimbawa ay ang pagluto. Para sa isang maybahay, ang pagluto ay pagpapakita ng pag-alaga o pagmamahal sa sariling pamilya. Sa isang baguhan, marahil ito'y ginagawa lamang sa libreng panahon. Sa isang kusinero, ito ay ang kanyang hanapbuhay. Sa iba nama'y walang kabuluhan ito dahil may sarili silang tagapagluto. Kaya't para sa nabanggit na maybahay, baguhan o kusinero, ang pagluto ay masasabing isang *occupation*, at para naman sa mga may sariling tagapagluto, ito ay hindi maaaring tawagin na *occupation* dahil walang kabuluhan ang gawaing ito para sa kanila.

Ang isang kapuna-punang paningin tungkol sa *occupation* ay inihanda ni Fisher (2003). Ang *occupation* ay ang pagsakop o pagsasamantala sa kalawakan o panahon. Ito rin ay ang paghawak sa katungkulan o mga dapat gampanan sa buhay (*roles*). Ang pagsakop sa lugar, oras at mga tungkulin ay makikita sa mga gawain ng tao sa tahanan, paaralan, tanggapan o pamayanan. Dagdag sa paliwanag ni Fisher (2003), makikita na ang pagsakop o pagsasamantala ay aktibo at ang *occupation* ay di lamang may kahulugan ngunit may layunin din.

Ang sakop ng OT ay ang paggawa ng mga makabuluhang gawain (AOTA, 2002) na may halaga, kahulugan at layunin para sa gumagawa ng mga ito (Fisher, 2003; Law, *atbp.*, 1997). Samakatuwid, ang marapat na layunin ng pagsusuri sa OT ay ang pagkakakilanlan ng mga gawaing makabuluhan at nagbibigay ng suliranin sa bawat kliyente, at mabigyang-liwanag kung paano isinasagawa ang mga gawaing ito at kung bakit nagkakaroon ng kahirapan sa paggawa. Gayon din, ang pagpapalano at pagsasagawa ng terapi ay dapat nakatutok sa paggawa ng makabuluhang gawain, pagpapabuti man o pagpapanatili nito.

Hindi dapat kalimutan ang kahalagahan ng isang gawain para sa isang kliyente. Sa pagkakataong ito, ang kliyente ay maaaring ang pasyente, magulang, kasamahan sa tahanan, guro, tagapamahala sa trabaho o samahan na nangangailangan ng terapi. Kadalasan, may ibang kahulugan ang nasasabing gawain para sa terapist, na di-naaayon sa paniniwala o pangangailangan ng kliyente. Sa ganitong pangyayari nagkakaroon ng di-pagkakaunawaan at nagbubunga sa di-pagpupunyagi ng kliyente dahil walang saysay ang ipinagagawa ng terapist. Masasabi na ang kliyente ang bihasa sa kanyang mga gawain, paniniwala, hangarin at kapaligiran (Fearing & Clark, 2000), habang ang terapist ang nararapat na maging bihasa sa pang-unawa ng paggawa, mga paraan ng makatutulong sa pagsasagawa ng gawain, at pagbibigay-alalay sa mga kliyente sa kanilang paggawa ng mga gawain may saysay. Bahagi ng pagbibigay-alalay ay ang kakayahan na makipag-usap sa wikang naiintidihan ng kliyente. Kaya't nararapat na magsanay ang mga terapist sa pagpapaliwanag at pag-iintindi sa wikang Filipino.

Ayon kina Gonzalez (2002) at Sibayan (2002), maaaring simulan ang pag-unlad ng wikang Filipino sa sakop ng OT sa pamamagitan ng pagkakaroon ng talaan ng terminolohiyang OT sa wikang Filipino at ang pagturo nitong mga katawagan sa mga unibersidad at kolehiyo. Ang pagsalin ng iba't ibang gawain na makikita sa Karagdagan 1 ay naglilingkod bilang panimulang hakbang sa talaang ito. Kinakailangang magkaroon pa ng ilang halimbawa ng pagsalin ng mga konseptong nabanggit upang maikumpara at magkasundo sa mga pagsalin. Ang pakikipagtulungan sa pagitan ng mga terapist at dalubhasa sa wikang Filipino ay higit na makatutulong sa pagsalin nang wasto ng mga konsepto sa wikang Filipino.

Nararapat ding magtatag ng mga paraan upang bigyang alalay ang pagbuo ng talaan at ang paglagaanap nito sa mga terapist na nanunungkulan nang pansarili o sa mga paaralan, klinika at ospital, at sa mga guro, mananaliksik at mag-aaral ng OT sa mga unibersidad at kolehiyo. Makatutulong dito ang *Occupational Therapy Association of the Philippines* at ang *Board of Occupational and Physical Therapists* sa *Profession Regulations Commission*. Maaaring magbuo ng mga formal na pag-uusap tungkol sa pagsalin ng mga katawagan o di kaya'y magtatag ng isang peryodiko kung saan ang mga akdang siyentipiko sa wikang Filipino ay maaaring malimbag.

Marahil ang pinakamalaking sagabal ay ang paningin ng ilang terapist na nagtuturo o nanunungkulan – ang paniniwala na ang wikang Ingles ang nararapat na wika ng pagturo at pananaliksik, ang di-pagtanggap ng kahalagahan ng pagturo ng mga paksa sa OT sa wikang Filipino o ang pawalang bahala sa puwang sa komunikasyon sa gitna ng mga terapist at mga kliyente. Naniniwala ang may akda na mahalaga ang wikang Ingles sa pag-unlad ng propesyon ng OT – na karamihan ng bagong kalaaman ay nagmumula sa ibang bansa – at hindi dapat pagwalang halaga ang mga aklat, peryodiko at iba pang sanggunian na nakasulat sa mga wikang dayuhan. Ngunit mahalaga rin na ibagay ang kaalamang ito upang masagot ang mga pangangailangang OT ng mga Pilipinong may kapansanan, at mapabuti o mapadali ang pagbibigay lingkod sa kanila. Ang kaalamang may kaugnayan sa kulturang Pilipino ay bukod-tangi para sa mga Pilipinong terapist at dito maaari magsimula ang mga pag-uusap at pananaliksik sa wikang Filipino.

Sa bahagi ng pagplano at pag-unlad ng wikang Filipino, ang pagsalin ng mga konsepto sa OT ay mag-aambag sa pag-unlad ng wikang Filipino. Sinasabi na ang pag-unlad ng wikang Filipino sa sakop ng medisina ay isa sa pinakamahirap na mga hakbang sa gawing ito (halimbawa, Gonzalez, 2002; Sibayan, 2002). Kaya't ang pagbuo ng terminolohiya sa loob ng isang sangay ng rehabilitasyon ay maaaring makatulong sa pag-umpisa ng proseso. Sa pamamagitan nitong sanaysay, sana ay masimulan ang pag-uusap at pagtatalo tungkol sa pagsasalin ng OT sa wikang Filipino.

SANGGUNIAN

- American Occupational Therapy Association (AOTA). (2002). Occupational therapy practice framework: domain and process. *American Journal of Occupational Therapy*, 56, 609-639.
- Bondoc, S. (2005). Occupational therapy in the Philippines: from founding years to present. *Philippine Journal of Occupational Therapy*, 1, 9-22.
- David, R. (2004, August 15). Wika. *Philippine Daily Inquirer*.
- English, L. (1986). *Tagalog-English dictionary*. Quezon City: Kalayaan Press.
- Fearing, V.G. & Clark, J. (2000). *Individuals in context*. Thorofare, NJ: Slack Inc.
- Fisher, A.G. (2003). *Assessment of motor and process skills, volume 1: development, standardization, and administration manual*. Fort Collins, Colorado: Three Star Press.
- Gonzalez, A. (2002). Language planning and intellectualization. *Current Issues in Language Planning*, 3(2), 5-27.
- Hagedorn, R. (2001). *Foundations for practice in occupational therapy*. London: Churchill Livingstone.
- Law, M., Polatajko, H., Baptiste, S., & Townsend, E. (1997). Core concepts in occupational therapy. In E. Townsend, et al. (Eds.), *Enabling occupation: an occupational therapy perspective* (pp. 29-56). Ottawa, Ontario: Canadian Association of Occupational Therapists.
- Sibayan, B.P. (2002). The intellectualization of Filipino. Manila: National Commission for Culture and the Arts. Retrieved August 19, 2005 from <http://www.ncca.gov.ph/culture&arts/cularts/others/language/language-intellectualization.htm>
- World Federation of Occupational Therapists (WFOT). (2004). *WFOT definition of occupational therapy*. Retrieved January 1, 2005 from http://www.wfot.org/Document_Centre/default.cfm

KARAGDAGAN 1. Mga halimbawa ng makabuluhang gawain, isinalin mula sa AOTA (2002)

PANG-ARAW-ARAW NA GAWAIN (*Activities of daily living*) – mga gawaing nakatutok sa pangangalaga ng sariling katawan

- Pagligo (*Bathing, showering*)
- Pag-ihing at pagdumi (*Bowel and bladder management*)
- Pagbihis (*Dressing*)
- Pagkain (*Eating, feeding*)
- Pagkilos kaugnay ng mga pang-araw-araw na gawain (*Functional mobility*)
- Pangangalaga sa pansariling kagamitan (*Personal device care*)
- Pananatili ng pansariling kalinisan at kaayusan (*Personal hygiene and grooming*)
- Pakikipagtalik (*Sexual activity*)
- Pagtulog at pagpahinga (*Sleep and rest*)
- Pananatili ng kalinisan na kaugnay sa paggamit ng palikuran (*Toilet hygiene*)

GAWAING MASALIMUOT (*Instrumental activities of daily living*) – mga gawaing kaugnay ang kapaligiran, kadalasa'y masalimuot at maaaring ipagawa sa ibang tao

- Pag-alaga sa ibang tao (*Care of others*)
- Pag-alaga sa hayop (*Care of pets*)
- Pagpapalaki ng sanggol o bata (*Child rearing*)
- Paggamit ng kagamitang pangkomunikasyon (*Communication device use*)
- Pagkilos sa lipunan (*Community mobility*)
- Pangangasiwa ng pananalapi (*Financial management*)
- Pangangalaga ng kalusugan (*Health management and maintenance*)
- Pangangalaga ng tahanan (*Home establishment and management*)
- Paghanda ng pagkain at paglipit ng kinainan (*Meal preparation and cleanup*)
- Pagtiyak ng kaligtasan (*Safety procedures and emergency responses*)
- Pamimili (*Shopping*)

PAG-AARAL (*Education*) – mga gawaing kaugnay sa pagdagdag ng kaalaman at sa pagiging mag-aaral

- Paglahok sa pormal na pag-aaral (*Formal education participation*)
- Pagtuklas ng mga paksa o paraan nang pag-unlad ng pansariling kaalaman o kakayahan (*Exploration of informal personal educational needs or interests*)
- Paglahok sa di-pormal na pag-aaral (*Informal personal education participation*)

PAGHAHANAPBUHAY (*Work*) – mga gawaing nakatutok sa pagtrabaho nang may bayad o wala

- Pagtuklas at pagpili mga nababagay na trabaho (*Employment interests and pursuits*)
- Paghanap at pagkuha ng trabaho (*Employment seeking and acquisition*)
- Pagsasagawa ng trabaho (*Job performance*)
- Pagretiro (*Retirement preparation and adjustment*)
- Pagtuklas ng mga nababagay na gawaing pangbuluntaryo (*Volunteer exploration*)
- Pagbubuluntaryo (*Volunteer participation*)

PAGLALARO (*Play*) – mga gawaing nagdudulot ng saya, aliw o libangan

- Pagtuklas ng mga nababagay na laro (*Play exploration*)

- Paglahok sa laro (*Play participation*)

GAWAIN SA MGA SANDALING MALAYA (*Leisure*) – mga gawain na di-sapilitang ginagawa sa mga oras na di-ginagamit sa paghahanabuhay, pangangalaga sa sarili o pagpapahinga

- Pagtuklas ng mga nababagay na gawain sa sandaling malaya (*Leisure exploration*)
- Paglahok sa gawain sa sandaling malaya (*Leisure participation*)

PAGLAHOK SA GAWAING KAUGNAY ANG IBANG TAO (*Social participation*) – mga gawaing kaugnay ang maayos na pag-uugali na naaayon sa grupong kinabibilangan

- Gawaing kaugnay ang lipunan (*Community*)
- Gawaing kaugnay ang mag-anak (*Family*)
- Gawaing kaugnay ang kaibigan o kasama (*Peer, friend*)